

## Mga Aktibidad sa Panlabas na Libangan at COVID-19

Ang komunidad at mga indibidwal ay nag-ungkat ng mga katanungan tungkol sa kung papayagan ang ilang mga aktibidad na panlabas habang ang County ay isinusulong ang panahon ng pagbangon. Ang hanay na ito ng mga kadalasang itinatanong ay dinisenyo para sagutin ang ilan sa mga katanungang naiungkatna may kinalaman sa mga aktibidad sa panlabas na libangan. Ang dokumentong ito ay maaring mabago habang ang county ay sumusulong sa pagbangon at pinahihintulutan na palawakin ang mga aktibidad na pinapayagan sa kasalukuyan.

### 1. Maaari ba akong dumalo sa panlabas na fitness o martial arts class sa isang community center o sa tabing-dagat?

Ang mga fitness class o martial arts class tulad ng Zumba, Taekwondo, o Yoga na ginaganap sa labas ay pinahihintulutan hangga't may angkop na pisikal na pagdistansya at ang klase ay sumusunod sa mga kinakailangan na binalangkas sa protokol sa [Gym at Fitness Center](#). Hangga't maaari, ang mga kalahok ay dapat na isuot ang kanilang mga pantakip sa mukha sa oras ng mga aktibidad. Ang mga Martial Arts class ay dapat na limitahan sa mga walang kontak na pagsasanay. Walang mga torneyo ang pinapayagan.

### 2. Pinapayagan ba ang mga karanasan sa tandem hang-gliding, sky diving, o bungee jumping?

Sa oras na ito, ang mga solong karanasan lamang ang pinapayagan. Ang mga tagapagturo ay makapagbibigay ng impormasyon at gumabay ngunit hindi maaaring lumahok sa aktwal na karanasan kasama ang kliyente. Ang mga tagapagturo at kliyente ay dapat na magsuot ng mga pantakip sa mukha at magpanatili ng pisikal na pagdistansya hangga't maaari habang sinusuri ang impormasyon sa kaligtasan o nagbibigay ng pangkalahatang tagubilin. Maaaring lumapit ang mga kawani sa mga kliyente kung kinakailangan upang matiyak na ang kliyente ay angkop na naguwarnisyunan (harnessed) at gawin ang iba pang mga kakailanganing pagsusuri para sa kaligtasan. Hindi inaatas ang mga pantakip sa mukha sa mismong aktwal na karanasan.

### 3. Maaari ba akong makilahok sa mga aktibidad ng paintball?

Ang aktibidad na ito sa kasalukuyan ay hindi pinapayagan. Ang paintball ay isang aktibidad na maaaring maghikayat ng malapitang pakikisalamuha at pakikipag-ugnayang pangkoanon sa mga kalahok sa oras ng paglalaro. May pagkabahala na ang panlipunang pagdistansya at pagkontrol ng impeksyon ay maaaring hindi mapapanatili sa kakailanganing antas para bawasan ang pagkalat ng COVID-19 sa mga espasyong ito.

### 4. Pinapayagan ba ang snorkeling, scuba diving at free diving sa mga pampublikong dagat?

## Mga Aktibidad sa Panlabas na Libangan at COVID-19

Oo, pinapayagan ang mga aktibidad na ito. Siguruhin na sumunod sa nakapaskil na gabay na may kaugnayan sa [mga beach](#). Dapat kang magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa mga indibidwal na hindi miyembro ng iyong sambahayan kung tubig man o nasa labas ng tubig.

### 5. Pinapayagan bang bukas sa kasalukuyan ang mga parke ng skate?

Oo, pinapayagan na bukas ang mga parkeng ito. Maaaring magpasya ang isang organisasyon na namamahala sa mga pasilidad na ito na panatilihin sarado ang pasilidad kung kanilang nararamdaman na sila ay walang sapat na kawani o yaman (hal. mga karatula na nagkakaloob ng gabay) para panatilihin ang mga proseso sa pagkontrol ng impeksyon o matiyak ang pisikal na pagdistansya.

### 6. Pinapayagan ba ang mga larong pangdamuhan (lawn games) tulad ng Bocce ball at lawn bowling?

Oo, pinapayagan ang mga aktibidad na ito hangga't ang mga kalahok ay nagpapanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga hindi miyembro ng sambahayan sa lahat ng oras at gumagamit ng mga pantakip sa mukha. Dapat iwasan ng mga manlalaro ang pagbabahagi ng kagamitan o dapat na i-sanitize ang kagamitan bago gamitin ng isa pang manlalaro. Hindi pinapayagan ang mga torneyo at hindi hihigit sa 4 na manlalaro sa palaruan o "green" sa iisang panahon.

### 7. Maaari ba akong umarkila ng bangka o kumuha ng 1:1 na sailing lessons?

Maaaring arkilahan ang isang bangka basta't sumusunod sa gabay ng pampublikong kalusugan sa [pag-arkila ng maliit na sasakyang pantubig](#) na ipinaskil. Ang mga pagtuturo sa paglalayag o sailing lessons ay maaaring ganapin hangga't ang parehong mag-aaral at tagapagturo ay may suot-suot na pantakip sa mukha at nagpapanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya at sumusunod sa iba pang mga paghihigpit na binanggit sa dokumentong gabay sa pag-arkila ng sasakyang pantubig na nabanggit sa itaas.

### 8. Sino ang maaari kong kontakin para sa higit pang impormasyon?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring kontakin ang 211 para sa tulong.